

Panawagan bilang anak sa Kaniyang Kabanalan Papa Francisco hinggil sa kinakabukasan ng pamilya

Mahal na Santo Papa,

Bilang pagtanaw sa Kapulungang Pansimbahan (Sinodo) na gaganapin sa Oktubre 2015, kami po ay tapat na dumudulog sa inyong Kabanalan upang ipahayag ang aming mga pangamba at pag-asa sa hinaharap ng pamilya.

Ang mga pangambang ito ay umiiral matapos naming masaksihan sa loob ng ilan nang mga dekada ang rebolusyong sekswal na isinulong ng isang alyansa ng mga malalakas na organisasyong pulitikal at ng masmidya na patuloy na tumutuligsa sa pamumuhay ng pamilya bilang pangunahing haligi ng lipunan. Simula pa ng binansagang Rebolusyong Sorbonne ng Mayo 1968 sa Paris, Pransya, isang moralidad na salungat sa Batas ng Diyos at ng kalikasan ang unti-unti at sistematikong ipinapataw sa amin ng sapilitan upang isakatuparan ang pagtuturo ng kasuklam-suklam na “teorya ng kasarian” sa mga kabataan ng maraming bansa.

Ang turo ng Simbahang Katolika tungkol sa Ika-anim na Utos ng Diyos ay mistulang parola na nagniningning sa harap ng malagim na ideolohikong adhikaing ito. Ang parolang ito ang siyang umaakit sa karamihan ng tao – na nilulupig ng makalaman at makamundong propagandang ito - sa malinis at mayabong na huwaran ng pamilya na itinuturo ng Ebanghelyo at naaayon sa batas ng kalikasan.

Inyong Kabanalan, hango sa impormasyong inilathala ukol sa nakaraang Kapulungang Pansimbahan (Sinodo), napupuna po namin ng buong pag-aalala napara sa mga milyong milyong tapat na Katoliko, ang parola ay tila po yata unti-unting nagdidilim sa harap ng mabangis na pagsalakay ng mga uri ng pamumuhay na ipinaiiral ng mga kilusang di maka-Kristiyano. Sa katunayan, nakikita po namin ang malawakang kaguluhan na magmumula sa posibilidad ng isang marupok na puwang na bumigay na sa loob ng Simbahan upang

tanggapin ang pakikiapid - sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga diborsyado na malaon ay nagpakasal muli sa huwes o sa labas ng Simbahan na makinabang sa Banal na Komunyong – at ang malamang na pagtanggap sa pagsasamang homoseksual samantalang ang mga gawaing ito ay lubos na kinukundena bilang labag sa Batas ng Diyos at kalikasan.

Bagamat di inaakala, ang aming pag-asa ay nagmumula din po sa kaguluhang ito. Sa katunayan, sa mga bagay-bagay na ito, isang salita po lamang mula sa Inyong Kabanalan ang siyang tanging paraan upang mabigyang liwanag ang lumalaking pagkalito sa gitna ng mga mananampalataya. Hahadlangan nito ang pakikialam upang parupokin ang mismong turo ni Hesukristo at itataboy nito ang nagbabadyang kadiliman na babalot sa kinakabukasan ng aming mga anak mangyaring ang parola ay di na magbibigay liwanag sa kanilang landas.

Banal na Santo Papa, kami po ay nagsusumamo na bigkasin ninyo ang salitang ito. Dumudulog po kami lamang kasama ng isang pusong tapat sa kabuoan ng Inyong katauhan at kinakatawan. Dumudulog po kami lamang sa katiyakang na ang Inyong salita ay di kailanmang paghihiwalayain ang gawaing pastoral sa mga turo na ipinamana ni Hesukristo at ng kaniyang mga bikaryo.

Sa katunayan, bukod linaw na itinuro ni Hesus na nararapat lamang na may kaugnayan ang buhay sa katotohanan (Juan 14:6-7); at binalaan din Niya tayo na ang natatanging paraan upang hindi tayo mawala ng landas ay tupdin ang Kanyang doktrina. (Mateo 7:24-27).

Sa paghiling ng Inyong bendisyong apostoliko, isinisiguro po naming sa Inyo ang aming mga panalangin sa Banal na Pamilya – kina Hesus, Maria at Jose – na nawa’y mabigyan liwanag po Kayo sa malubha at mahalagang sitwasyong ito.

PANGALAN	LUNGSOD	BANSA	PIRMA	EMAIL

